Department of Education
Region V
Division of City Schools
City of Naga
Naga District IV
**SABANG ELEMENTARY SCHOOL**

# TALAAN NG ESPISIPIKASYON
# IKALAWANG PANAHUNANG PAGSUBOK
# FILIPINO VI

| | COMPETENCY | MULTIPLE CHOICES (70%) | | | | PERFORMANCE BASE (30%) | | | TEST PLACEMENT | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| | | Remembering | Understanding | Analyzing | Total | Evaluating | Applying | Total | Test I Written Works | Test II Performance Task |
| 1 | Nasasagot ang mga tanong tungkol sa napakinggang kuwento. F6PN-IIa-g-3.1. | 2 | 1 | | 3 | | 2 | 2 | 1, 2,3 | 4,5 |
| 2 | Nagagamit nang wasto ang pang-uri sa paglalarawan sa iba't ibang sitwasyon. F60L-IIa-e-4 | | | 12 | 12 | | | | 21,22,23, 24,25,26, 27,28,29, 30,31,32 | |
| 3 | Nabibigyang kahulugan ang kilos ng mga tauhan sa napakinggang pabula/ kuwento. F6PN-IIc-19 | | | 4 | 4 | | | | 6,7,8,9 | |
| 4 | Napagsusunod- sunod ang mga pangyayari sa kuwento pamamagitan ng pamatnubay na tanong F6RC-IIe-5.2 | 6 | | | 6 | | | | 10,11,12, 13,14,15 | |
| 5 | Naibibigay ang kahulugan ng pamilyar at di-kilalang salita sa pamamagitan ng sitwasyong pinaggamitan ng salit. F6V-IIe-h-1.8 | | 2 | | 2 | 3 | | 3 | 16,17 | 18,19,20 |
| 6 | Nagagamit ang pandiwa sa pakikipag-usap sa iba't ibang sitwasyon. F60L-IIf-j-5 | | 8 | | 8 | 7 | | 7 | 33,34,35, 36,37,38, 39,40 | 41,42,43,44, 45,46,47 |
| 7 | Naipapahayag ang sariling opinion o reaksyon sa isang napakinggang balita isyu o usapan. F6PS-IIf-i-1 | | | | | | 3 | 3 | | 48,49,50 |
| | TOTAL | | | | 35 | | | 15 | | |

Inihanda ni:

JANET I. ASPREC

Pinagtibay ni:

EDNA BICALDO
MT-1

Recommending Approval:

Noted:

MARGERIE B. BATHAN
ESP-I

EMELYN A. BROFAS
PSDS- District IV

Approved:

ANNA LIZA ABULOC,Ph.D
EPS-I Filipino

Department of Education
Region V
Division of City Schools
City of Naga
Naga District IV
**SABANG ELEMENTARY SCHOOL**
**Filipino 6**
**IKALAWANG PANAHUNANG PAGSUSULIT**
**S/Y 2017-2018**

**Pangalan__________________________________ Baitang at Seksyon_____________ Iskor______**

I. PAKIKINIG

*Pakinggan ang kwentong babasahin ng guro at sagutin ang mga tanong ukol dito.*

1. Saan nagmula si Tambelina?
   a. Nagmula si Tambelina sa napakagandang bulaklak na lutos.
   b. Nagmula si Tambelina sa mayamang pamilya.
   c. Nagmula si Tambelina sa pamilya ng mga dwende.
   d. Nagmula si Tambelina sa puno ng kawayan.

2. Bakit Tambelina ang itinawag sa pangunahing tauhan sa kuwento?
   a. Dahil siya ay malaking babae.
   b. Dahil kasing laki lang siya ng hinlalaki.
   c. Dahil mataba siya.
   d. Wala sa nabanggit.

3. Anu-ano ang katangian ni Tambelina?
   a. Madamot at palaaway
   b. Maganda,mabait at matulungin
   c. Magaling umawit at masayahin.
   d. b at c

4. Paano nakatulong kay Tambelina ang kanyang kabaitan?
_________________________________
_________________________________

5. Maging maligaya na kaya si Tambelina sa piling ng mga anghel ng mga bulaklak? Bakit?
_________________________________
_________________________________

6. Doon na namuhay si Tambelina. Gumagawa siya ng duyan mula sa  dahon ng damo  at ang kanyang tulugan ay sa loob ng ubod ng bulaklak.
   a. Siya ay Masaya
   b. Siya ay malungkot
   c. Siya ay naiinis
   d. Siya ay nanghihinayang

7. “Naku, ayaw namin sa kaniya. Kay pangit naman niya. Dadalawa ang paa at walang

sungay-sungayan," sabi ng mga salagubang.

a. Naaasar o naiinis
b. Natutuwa
c. Nagagalit
d. Naiiyak

8. " Salamat sa iyo, maliit at magandang bata!" sbi ng ibon.

a. Nagagalak
b. Nayayamot
c. Nalulungkot
d. Naaasar

9. "Naku, ikaw pala, maliit na bata," sabi ng butihing si Dagang –bukid. "Tuloy ka. Dito sa loob ng bahay ko ay maaalis ang iyong ginaw."

a. Nanghihinayang
b. Naaawa
c. Nagagalit
d. Natutuwa

II. *Ano ang tamang pagkakasunud-sunod ng pangyayari sa kuwento ni Tambelina? Lagyan* ***A*** *hanggang* ***F*** *ang wastong pagkasunud-sunod nito.*

___ 10. Nakita ni Tambelina ang may sakit na ibon na si Layang-Layang at ito'y kaniyang ginamot at inalagaan.

___ 11. Lumabas ang maliit at magandang dalaga na si Tambelina mula sa ubod ng bulaklak ng halamang itinanim ng mag-asawa.

___ 12. Tinulungan ng mga isda si Tambelina upang makaalis sa pinaglagyan sa kaniya ng palaka.

___ 13. May mag-asawa na humingi ng tulong mula sa bruha upang magkaanak.

___14. Naging maligaya si Tambelina sa piling ng mga anghel ng mga bulaklak.

___15. Namuhay nang mag-isa si Tambelina hanggang sa dumating ang taglamig at siya ay humingi ng tulong kay Dagang-bukid.

III. *Ibigay ang kahulugan ng pamilyar at di-pamilyar na salita.*

16. madilim: maliwanag;
marunong: _______

a. Mangmang
b. Mahusay
c. naiiba
d. maayos

17. balintataw: imahinasyon;
kudil: ___________

a. balat
b. kutsyara't tinidor
c. bahagi ng katawan
d. bahagi ng kaisipan

18. Malamig at presko ang tubig mula sa <u>tapayan</u> , para na ring may yelo kapag iniinom.

______________________________

19. Sa kabisayaan, tanging kababaihan lamang ang nagsusuot ng <u>pomaras</u> bilang palamuti sa katawan.

______________________________

20. Malawak ang <u>korapsyong</u> nagaganap sa ating bansa.

______________________________

IV. *Piliin ang angkop na pang-uri at pandiwa sa mga sumusunod na pangungusap.*

21. Ang kanilang mga anak ang itinuturing na _____ sa mga naninirahan doon.

A. masisipag
B. masipag-sipag
C. higit na masisipag
D. pinakamasipag

22. Sa kasalukuyan, tinatayang nasa 30 porsyento ang ibinaba ng antas ng reserbang tubig sa bansa. Bunga nito, ______ ding bumaba ang suplay ng tubig sa mga kabahayan.

A. malaki
C. marami
B. mataas
D. mabilis

23. Ating matatandaan ang Pangulong Corazon Aquino ang may ________ na pagpapasyang baguhin ang takbo ng ating pamahalaan sa pamamagitan ng "People Power Revolution."

A. matatag
B. mas matatag
C. matatag-tatag
D. pinakamatatag

24. Ayon sa panitikan, si Maria Clara ang tinaguriang ________ na dalaga dahil simbolo siya ng kababaihang Pilipina.

A. Pinakamahinhin
B. Mahinhin-hinhin
C. Mas mahinhin
D. Higit na mahinhin

25. Ang Tulay ng SanJuanico na nagdurugtong sa Samar at Leyte ay _______ sa buong Asya.

A. mahaba
B. higit na mahaba
C. mahaba-haba
D. pinakamahaba

26. Marami nang kababayang dumating at umalis sa bansang Dubai kung saan nagtatrabaho si Mang Jose. Siya ang ________ sa kanila na nagtrabaho doon.
A. matagal
B. pinakamatagal
C. matagal-tagal
D. higit na matagal

27. May ilang naniniwala rin na ________ sa street-dancing ang mga taga-Iloilo sa buong Kabisayaan.

A. ubod ng husay
B. mas kahali-halina
C. sobrang maindayog
D. totoong malikhain

28. Kung noong dekada '90 ang halaga ng langis ay kaya pang tapatan ang halaga ng ating piso, ngayon ay hindi na dahil sa ________ taas nito.

A. lalo na
B. higit na
C. sadyang
D. sobrang

29. Kung noong mga taong 1970 ay makakayang suplayan ng 9,600 mtro kubikong tubig ang mga kabahayan, ngayon ay ______ mababa ito at nasa 3,300 metro kubiko na lamang.

A. lalong
C. higit na
B. lubhang
D. mas na

30. Sa kasalukuyan, masasabing nasa kritikal na kondisyon ang presyo ng langis. Bunga nito, ________ ang halaga ng lahat ng mga bilihin.

A. biglang humina
B. talagang tumaas
C. lalong tumumal
D. lubhang humusay

31. Masaya silang namamasyal nang may ________ umagaw sa kanyang shoulder bag.

A. agad
B. biglang
C. nag-aapurang
D. nagmamadaling

32. Paglusong mo sa tubig iyong madarama ang ____________ ng alon sa iyong buong katawan.

A. banayad na hampas
B. mabilis na agos
C. rumaragasang takbo
D. mariing daloy

33. Ipinagmamalaki naman ng mga taga-Baguio ang Panagbenga ___________ na ipinaparada ang iba't ibang uri ng mga bulaklak.

A. kung umiikot
B. sana maagap
C. habang buong gilas
D. kapag nakalibot habang idinaraos

34. Sila ay _____________ na sana ay laging nasa mabuting kalagayan ang kani-kanilang pamilya.

A. mataimtim na nananalangin
B. tiklop-tuhod na umaasa

C. madalas na magdasal
D. laging naiisip

35. Nagkaroon siya ng sariling bahay at napagtapos ng pag-aaral ang mga anak, kaya naman kaagad ______ ang mga ito.

A. nagtrabaho
B. nagsitrabaho
C. magsitrabaho
D. nakapagtrabaho

36. Ang mga mangga ay ______ nang malakas ng hangin.

A. ilaglag
B. ilalaglag
C. mailaglag
D. nailaglag

37. Sayang, _______ pa naman ako ng kalahati ng halaga kung naibenta ang mga manga.

A. bigyan
B. bibigyan
C. binigyan
D. binibigyan

38. Isa pang pangunahing dahilang _________ ng mga eksperto ay ang unti-unting pagkasira ng ating mga yamang-tubig tulad ng mga lawa at ilog.

a. Ibinigay
b. Ibinibigay
c. binibigyan
d. binigyan

39. Maagang ______ si Gng. Asis nang araw na iyon upang maghanda para sa kaarawan ng dalawang anak.

A. gigising
B. gigisingin
C. gumising
D. gumigising

40. Ang pagtingin naman sa leybel ng de lata o gamot ay _______ sa pagtiyak sa nilalaman nito bago bilhin.

A. tumutulong
B. makatutulong
C. tinutulungan
D. nagpapatulong

*V. Gamitan ng angkop na pandiwa ang sumusunod na pangungusap.*

41. Marami tayong _________ (natuto)sa pagbabasa na magagamit natin sa pang-araw-araw na buhay.

42. Ang ating pamahalaan ay _________( ugnayan) na kamakalawa sa bansang Amerika upang tayo ay makabangon sa ating ekonomiya.

46. Si Maria Makiling ay kinilala ng ating lipunan sa gayong taguri at ________(bigay) Inspirasyon sa maraming kababaihan noon.

47. Dahil isang kawili-wiling pagdiriwang ng Peñafrancia, maraming turista ang ________ (balikan)nitong nakaraang taon.

*VI. Ibigay ang inyong sariling opinion o reaksyon.*

48-50. Paano nakatutulong ang cyber ethics sa paggamit ng technolohiya tulad ng facebook, instagram, internet at iba pa?

_______________________________________
_______________________________________
_______________________________________
_______________________________________
_______________________________________
_______________________________________
_______________________________________
_______________________________________
_______________________________________
_______________________________________
_______________________________________

43. Para namang _________ (ayon)sa kanya ang suwerte at biniyayaan pa siya ng supling na babae.

44. Sa nakaraang laban ni Donaire, ang kahusayan niya sa boksing ay ________ ( hangaan) ng sambayanang Pilipino.

45. Ang “People Power Revolution” ang naging sandigan ng bagong pamamalakad ng pamahalaan na __________(sulong) rin ng Pang. Noynoy nang siya na nahalal

Good Luck & God Bless!!

*Prepared by:*
***JANET I.ASPREC***

**File Submitted by DepEd Club Member**
**-visit depedclub.com for more**
**Credit to the author of this file**